# Ang Kuwento Tungkol sa mga Punong Olibo

Nagkuwento ang propetang si Jacob tungkol sa panginoon ng olibohan at sa kanyang mga tagapagsilbi. Inalagaan nila ang mga puno. Pinutol nila ang masamang bunga at nagdagdag sila ng mga bagong sanga para lumaki nang mas matibay ang mga puno. Inalagaan nila ang mga puno para lumaki ang mga iyon.


Habang binabasa mo ang kuwento sa Jacob 5, hanapin ang mga bagay na ito:

Inalagaan ng **panginoon ng olibohan** ang mga puno dahil mahalaga ang mga iyon sa kanya.

Ang ibig sabihin ng **paghuhugpong** ay pagdaragdag ng mga bagong malulusog na sanga para mas patibayin ang mga puno.

Ang **mga puno** at **mga sanga** ay katulad ng mga tao ng Panginoon. Tinulungan ng **mga tagapagsilbi** ang panginoon na alagaan ang mga iyon.

Ang ibig sabihin ng **pagpupungos** ay pagputol sa masamang bunga at mga sanga.



Tulad lang ng paraan ng pag-aalaga ng panginoon sa mga puno sa tulong ng mga tagapagsilbi, inaalagaan tayo ni Jesucristo sa tulong ng mga propeta at pinuno.

MGA LARAWANG-GUHIT NI BRYAN BEACH

MGA SAGOT: ANG MAY DALISAY NA PUSO; ZENOS; KASINUNGALINGAN

## Hamon sa Banal na Kasulatan

Sino ang kausap ni Jacob sa Jacob 3:1? ______

Sinong propeta ang binabanggit ni Jacob sa Jacob 5? ______

Ano ang alam ni Enos na hindi magagawa ng Diyos? (Enos 1:6) ______

## Maaari Kong Basahin ang Aklat ni Mormon!

Pagkatapos mong magbasa, kulayan ang bahagi ng larawan. Maaari mong basahin ang mga talatang ito na nauugnay sa babasahin sa bawat linggo mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*.

**Linggo 1:** Jacob 3:1
**Linggo 2:** Jacob 6:11
**Linggo 3:** Omni 1:26
**Linggo 4:** Mosias 2:22



**Gumawa ng isang bagay na nagpapaalala ng pagmamahal sa iyo ni Jesucristo. Maaari mong idrowing ang inyong pamilya o ang isang bagay mula sa kalikasan. Ipakita sa amin ang ginawa mo!**